



## **PAHAYAG SA PAGGUNITA NG ARAW NG PANDAIGDIGANG PAGKILALA AT PAGSUPORTA SA MGA BIKTIMA NG TORTYUR (INTERNATIONAL DAY IN SUPPORT OF VICTIMS OF TORTURE)**

### **Anim na puntos upang mabawasan ang mga panganib ng tortyur habang nasa kustodya ng pulisya sa Malaysia, Pilipinas at Thailand**

Ngayon 26 Hunyo, ang Association for the Prevention of Torture (APT), Suara Rakyat Malaysia (SUARAM), Task Force Detainees of the Philippines (TFDP) at Cross Cultural Foundation (CrCF) ay lubos na nakikiisa sa mga biktima ng tortyur at kanilang kaanak na naglalayong pigilan ang mga hindi kanais-nais na gawi ng mga awtoridad na maaaring magdulot ng tortyur sa mga indibidwal habang sila ay nasa kustodya ng pulisya sa Malaysia, Thailand at Pilipinas.

Noong Abril 2021, naglunsad sa pangunguna ng APT kasama ang SUARAM, TFDP at CrCF ng proyekto na sinusupportahan ng European Union, na naglalayong mabawasan ang mga panganib ng tortyur o labis na pagpapahirap sa sino mang tao nasa pangangalaga o kustodya ng pulisya.

Makakatulong ang proyekto para sa pagpapalakas ng mga pambansang institusyon kabilang na ang pagpapalawak sa kapangyarihan ng Komisyon sa Mga Karapatang Pantao o National Human Rights Institution (NHRI) sa pagsubaybay sa epektiboing pagtupad ng tungkulin ng pulisya; mapahusay ang mga kasanayan ng pulisya upang mabawasan ang insidente ng tortyur o labis na pagpapahirap sa sino mang tao nasa kanilang kustodya sa pamamagitan ng epektibong pagsasanay at pag-aaral hinggil sa mga karapatang pantao at batas o patakaran laban sa tortyur; at ang pagpapanatili ng dayalogo sa pamamagitan ng publiko at awtoridad na may mahalagang papel na makahikayat sa pakikipag-dayalogo at paglahok ng mamamayan, at sa pangkalahatan ay lumikha ng komunidad laban sa tortyur o labis na pagpapahirap.

Kami ay makikipag-ugnayan sa iba't ibang miyembro ng komunidad o *stakeholders* ng bawat bansa na kabilang sa pagpapatupad ng proyektong ito, at sa buong rehiyon, sa pamamagitan ng paglaan ng mga hakbangin para sa pagtataguyod ng pamantayan ng isang buhay na may dignidad at respeto sa bawat tao.

Ang mga "Prinsipyo sa Epektibong Pakikipanayam para sa Imbestigasyon o Pagsisiyasat at Pagpangalap ng Impormasyon" o "Mga Prinsipyo sa Mabisang Pakikipanayam [https://www.apt.ch/en/news\\_on\\_prevention/new-principles-effective-interviewing-investigations-and-information-gathering](https://www.apt.ch/en/news_on_prevention/new-principles-effective-interviewing-investigations-and-information-gathering) ay inilunsad nitong Hunyo. Naglalayon ito na palaganapin ang nasabing "Principles of Effective Interviewing" para sa pagpapalakas ng kasanayan ng pulisya sa epektibong pagsisiyasat at pagsugpo ng krimen.

Lubos din namin ibinabahagi ito at iba pa pang epektibong kasanayan para maitaguyod ang positibong pagbabago sa loob ng mga institusyon ng pulisya, mga kaugnay na ahensya ng pamahalaan, hukuman at iba pang mga *stakeholders*.



Upang gunitain ang Araw ng Pandaigdigang Pagkilala at Pagsuporta sa Mga Biktima ng Tortur, 26 Hunyo 2021, kami ay nanawagan sa pangunguna ng mga ahensya ng gobyerno, awtoridad, pulisya, mga Komisyon ng Karapatang Pantao o NHRI at mamamayan na maglaan ng sapat na tulong o suporta at hinihikayat na manguna sa pamamagitan pagtaguyod ng mga sumusunod:

- Upang makapaghikayat sa paghanap ng hakbangin at sa pangkalahatan ay lumikha ng proseso para sa sama-samang pagsugpo sa tortyur;
- Upang maglaan ng suporta at magtaguyod ng mga epektibong kaalaman at kasanayan, tulad ng “Mga Prinsipyo sa Mabisang Pakikipanayam”, na magpapaunlad ng kasanayan para sa epektibong ng pagpapatupad ng patakaran na may kaugnayan sa pulisya at paunlarin ang pagtitiwala ng publiko hinggil sa sistema ng hustisya;
- Upang maging bukas ang mga awtoridad sa paghihikayat ng pagpapatupad ng regular at independiyenteng pagsubaybay ng mga Komisyon ng Karapatang Pantao o NHRI para lalong mapaunlad ang mga patakaran, kasanayan at mapabuti ang mga kalagayan ng pasilidad sa detensyon upang matiyak ang paggarantiya ng mga karapatang pantao at kagalingan ng sino mang tao nakapiit o nasa kustodya ng pulisya at sa kabuuang ng sistema ng hustisya;
- Upang gumawa ng epektibong hakbang para mapabuti ang kalagayan ng sino mang tao sinisiyasat o nasa kustodya ng pulisya sa pamamagitan ng pagtiyak ng pagpapatupad ng batas at pamamaraan sa mga unang yugto o oras ng sino mang tao nasa pangangalaga ng pulisya, partikular ang pagtiyak sa pagbawal sa pagtatapat o pag-amin dahil sa pananakot at ang sapolitang pagkakulong;
- Upang matiyak na ang mga hakbangin laban sa tortyur ay epektibong napapatupad sa pamamagitan ng pagbigay diin sa ebidensiya, sa mga batas at naayon sa pamantayan ng karapatang pantao ay naglalarawan ng katangian ng mapayapa at demokratikong lipunan; at
- Upang maitaguyod at mapakilos ang suporta sa publiko, anuman ang kasarian, edad, relihiyon, etniko, opinyon sa pulitika, katayuan sa lipunan, hinggil sa pagkondena laban sa paggamit ng tortyur sa lahat ng anyo nito.

Bibigyan namin ng atensiyon at lubos na makikinig sa bawat sektor ng lipunan upang makipagtulungan sa mga kasama, katuwang sa komunidad at iba pang grupo na sumusuporta sa aming layunin na labanan at masugpo ang paggamit ng tortyur. Sa pagpapatupad nito ay naayon sa aming kolektibong pamamaraan na inklusibo, pantay-pantay, bukas at ayon sa diwa ng “*gotong-royong*” (pagtutulungan ng bawat isa o mutual assistance).

Sama-samang pagkilos laban sa tortyur!

**Association for the Prevention of Torture (APT), Switzerland**

**Suara Rakyat Malaysia (SUARAM), Malaysia**

**Task Force Detainees of the Philippines (TFDP), Philippines**

**Cross Cultural Foundation (CrCF), Thailand**

Disclaimer: The European Union funds the project on ‘Reducing risky practices leading to torture and ill-treatment in police custody in Malaysia, Philippines and Thailand’. However, the content of this press statement is the sole responsibility of the APT, SUARAM, TFDP and CrCF and does not necessarily reflect the views of the European Union.